



## Census 2020

Kinakailangan ng Konstitusyon ng Estados Unidos na kada sampung taon, **ang bawat taong naninirahan sa bansa, anuman ang katayuan sa imigrasyon ay maibilang.** Ang iyong impormasyon sa census ay kumpidensyal, at ang iyong mga sagot ay hindi ibibigay sa ibang ahensiya ng gubyrerno.

### Paano ginagamit ng Census Bureau ang kinokolektang data?

- Upang **malaman** kung ilang kinatawan ang makukuha ng bawat estado sa Kongreso.
- Upang **malaman** kung paano ibabahagi ang bilyun-bilyun na mapagkukunan sa pederal na pamahalaan.
- Upang **magbigay** ng pondo para sa mga programang pang edukasyon, pang kalusugan, at mga programang panlipunan sa iyong komunidad.
- Upang **madagdagan** ang pondo para sa mga early care at pre-school na programa sa iyong komunidad.

### Ang Problema

- Ang mga Latino at mga Aprikanong Amerikano ay karaniwang kulang ang bilang.
- Ang mga batang edad 0-5 ay karaniwang hindi nabibilang.
- Halos \$ 1,091/taon ang ginagastos ng iyong komunidad sa programang pangkalusugan at serbisyong pantao para sa bawat taong hindi naibibilang. (Reamer, 2018).

### Bakit dapat lumahok sa Census?

- **Makilahok** sa 2020 Census upang mapanatili o madagdagan ang mga early care at pre-school na programa sa iyong komunidad.
- **Masigurado** na ang iyong komunidad ay nakakatanggap ng pondo para sa mga programang pang-edukasyon, pangkalusugan, at panlipunan.
- Ginagamit ng mga negosyo ang census para matukoy kung saan dapat magtayo at mamuhunan, kaya ang data na galing sa census ay humahantong sa mga lokal natrabaho.

## Kumilos



**Kumpletuhin** (online o sumulat!) ang mga form sa census pag tanggap nito.



**Humingi** ng tulong kung kailangan.



**Iulat** ang lahat na nasa iyong sambahayan kabilang ang lahat ng mga batang edad 0-5.



**Collaborate** with census staff.\*



**Kausapin** ang iyong mga kapamilya at mga kaibigan tungkol sa kahalagahan ng pakikilahok sa census.

\*Maaari kang humingi ng pagkakakilanlan bagopapasukin ang mga ito sa iyong bahay. Kung may duda, maaaring tumawag sa Los Angeles Regional Office para makakuha ng pagpapatunay sa 1-800-992-3530 (Mga oras ng opisina: M-F 8 am hanggang 4:30 pm).

## Mga Madalas na Tinatanong

"Ang aking sanggol ay ipinanganak kamakailan at wala pang isang taon, ibibilang ko ba siya sa census form?"

Oo, dapat mong iulat ang lahat ng mga sanggol sa sambahayan anuman ang edad (iulat ang edad ng sanggol bilang 0).

"Ako ay isang lola/lola at an gaking apo ay nakatira sa akin, dapat ko ba silang ibilang sa census form?"

Oo, dapat mong bilangin ang lahat ng mga batang nakatira sa iyo (kahit hindi kamag-anak).

"Kakarating ko lang sa California kasama ang aking asawa at dalawang anak, kailangan ba namin kumpletuhin ang census?"

Yes, all people who live in the United States should be counted, including children.

"Ang aking kaibigan at ang kanyang pamilya ay nakatira sa bahay ko. Dapat ko ba silang isama sa census?"

"Ang aking kaibigan at ang kanyang pamilya ay nakatira sa bahay ko. Dapat ko ba silang isama sa census?"

"Ang anak ko ay minsan nakatira sa akin at minsan naman ay nakatira sa isa niyang magulang. Saan siya dapat mabilang?"

Ang bata ay dapat mabilang kung saan siya nakatira at natutulong sa karamihan ng oras. Kung parehong lang, kausapin ang isang magulang kung sino ang magbibilang sa bata.

**Sa aking bahay ay mayroong limang adulto at apat na bata. Kasya ba ang lahat sa census form?**

Maaari kang magbigay ng detalyadong impormasyon para sa anim na tao at pangunahing impormasyon para sa anim pa.

## Kailangan Ng Tulong?

### California Census

<https://census.ca.gov/>

### NALEO

<http://www.naleo.org/census>

### Los Angeles Regional Census Office

Ang Los Angeles Regional Office ay may pananagutan para sa lahat ng koleksyon ng data, pagbahagi ng data, at mga operasyong heograpiya sa ilalim ng kasalukuyang hangganan ng lugar ng serbisyo. Para sa mga katanungan at pagpapatunay, maaaring tumawag sa Los Angeles Regional Office sa 1-800-992-3530.

Ang mga oras ng tanggapan ay Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m.- 4:30 p.m., Pacific Daylight Time.

### Mga Census Field Representative

Narito ang ilang mga paraan upang matiyak ang katunayan ng isang Census Field Representative ng Estados Unidos. Kapag bumisita sila sa iyong bahay, ang kinatawan ay dapat:

- Magpakita ng isang ID na merong: larawan ng Field Representative, Ang watermark ng Department of Commerce, at petsa ng pagkawalang bisa.
- Ibigay sa iyo ang impormasyon kung paano matatawagan ang kanilang superbisor at/o ang telepono sa tanggapan ng rehiyon para sa pagpapatunay, kung tanungin.
- Magbigay ng sulat mula sa Direktor ng Census sa isang "U.S. Census Bureau" letterhead.
- Maaaring magdala ng isang laptop o bag na may logo ng Census Bureau.

## Ini-sponsor ng: